Sunshine Coast Council | Our region. Healthy. Smart. Creative.

Welcome
Multicultural Welcome Hub

INFORMATION SHEET

# Pagmamay-ari ng Alagang Hayop

Ang pagmamay-ari ng bagong alagang hayop ay isang kapanapanabik na panahon para sa buong pamilya. Kasama rin nito ang responsibilidad upang masiguro na mapanatiling ligtas ang iyong mga alagang hayop at hindi sila makakagambala sa ibang tao.

## Mga Nangungunang Tip para sa mga may-ari ng alagang hayop

- Kailangang iparehistro ang mga alagang hayop kapag umabot sila sa edad na 12 linggo.
- Lagyan ng microchip ang iyong alagang hayop. Kung nawala o ninakaw sila, mas madali mo silang mahanap dahil ang chip ay may kasamang mga detalye sa pagkontak sa iyo at nagbibigay ng katibayan ng pagmamay-ari.
- Kapunin ang iyong aso at pusa upang maiwasan ang hindi gustong mga kuting at tuta.
- Maglaan ng angkop na bakod upang masigurong mananatili ang iyong alagang-hayop sa iyong bakuran o tahanan.
- Pulutin at itapon ang dumi ng iyong aso sa tahanan at sa mga pampublikong lugar.
- Makisalamuha sa ibang aso at sanayin ang iyong aso. Babawasan nito ang hindi gustong pag-uugali katulad ng labis na pagtatahol at paghuhukay.
- May isang listahan ng mga parke para sa aso at mga lugar kung saan maaaring tanggalin ang tali ng aso sa website ng Konseho ng  Sunshine Coast sa www.sunshinecoast.qld.gov.au sa pamamagitan ng pag-klik sa tab ng Living and Community (Pamumuhay at Komunidad). Hanapin ang nakapaskil na senyas bago patakbuhin ang iyong aso nang walang tali.

## Mga Paglabag sa Batas

Maaaring patawan ka ng multa kung hindi nakarehistro ang iyong aso at wala siyang tali sa isang lugar kung saan inaatas ang pagkakaroon ng tali.

Kung nakatanggap ka ng abiso sa paglabag sa batas, mangyaring basahin ang likod ng abiso para sa mga detalye kung paano babayaran ang multa.

Ang mga detalye sa pagkontak ng konseho ay nasa katapusan ng fact sheet na ito kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad para sa iyong paglabag sa batas.



## Pagrerehistro at paglalagay ng microchip

Kailangang iparehistro ang mga aso at pusa kapag umabot sila sa edad na 12 linggo. Ang pagpaparehistro ay libre para sa mga

alagang hayop na wala pang anim na buwan ang edad.

Ang taunang singil sa pagpaparehistro ay itinakdang bayaran bawat taon sa Setyembre 30. May diskuwento para sa lahat ng mga alagang hayop na kinapon at may microchip.

Kung binenta mo o ibinigay ang isang aso o pusa, kailangan mong baguhin ang mga detalye sa rehistrasyon ng microchip bago palitan ang may-ari, ibig sabihin, ang pangalan ng may-ari, address, at numero ng telepono.

### Saan ko maipaparehistro ang aking alagang hayop?

- Maaari kang magparehistro online sa pamamagitan ng My Council – mangyaring sumangguni sa fact sheet “How to register an animal online (Paano magparehistro ng hayop online)”; o
- Bumisita sa tanggapan ng konseho sa pagitan ng 8.30am at 4.30pm, Lunes hanggang Biyernes

### Mga nawawalang alagang hayop

Sa unang pagkakataon, maaaring isauli ng mga opisyal ng Konseho ang mga nawalang aso at pusa sa kanilang may-ari kung makikilala ang may-ari sa pamamagitan ng tag ng rehistrasyon o microchip ng alagang hayop.

Kung hindi makikilala ng Konseho ang hayop o kung ang may-ari ay wala sa tahanan, aalagaan ang hayop sa Sunshine Coast Animal Pound sa Sippy Downs

May singil na dapat bayaran upang makuha ang hayop mula sa pound.

Kung nawala mo ang iyong alagang hayop o may mahanap kang nawawalang alagang hayop, kontakin ang Konseho gamit ang mga detalye sa katapusan ng fact sheet na ito.

## Multicultural Welcome Hub

Alamin kung saan ka makakakuha ng suporta, paano ka makakakilala ng ibang tao at galugarin ang iyong bagong komunidad. Makinig sa mga kuwento ng iba pang migrante.

www.sunshinecoast.qld.gov.au/multicultural

## Kailangan mo ba ng tulong sa wika?

Kung nahihirapan ka sa pagsasalita o pag-uunawa ng wikang Ingles, maaari mong tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS, Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-interpret) sa 131 450 at humiling na ipasa sa Sunshine Coast Council sa 5475 7272.

Interpreter

## Pagsasalin ng online na impormasyon

Maaari mong gamitin ang Google Chrome upang isalin ang mga webpage sa ibang wika. Sundin ang mga hakbang na ito upang i-activate ang kakanyahang ito:

- Sa iyong computer, buksan ang Chrome.
- Sa itaas na kanang bahagi, i-klik ang More Settings.
- Sa ibaba, i-klik ang Advanced.
- Sa ilalim ng “Languages”, i-klik ang Language.
- I-tsek o tanggalin ang tsek sa “Offer to translate pages that aren’t in language you read (Mag-alok na isalin ang mga pahina na hindi nakasulat sa wikang nababasa mo).”

Kasaluluyan hanggang nitong Agosto 2019

**Sunshine Coast Council**
**www.sunshinecoast.qld.gov.au**
mail@sunshinecoast.qld.gov.au
**T** 07 5475 7272 **F** 07 5475 7277
Locked Bag 72 Sunshine Coast Mail Centre Qld 4560